Humanda para sa isa sa pinakamalaking pambihirang karanasan sa buhay ng iyong anak!

Ang pasukan ay malapit nang magsimula. Ang mga tip na ito ay makakatulong sa iyong mga anak na inaasam-asam ang pagpasok sa paaralan araw-araw.

Alam mo ba na ang hindi pagpasok ng kahit isa o dalawang araw sa preschool o kindergarten bawat ilang linggo ay maaaring maging mahirap para sa mga bata na magkaroon ng mga kasanayan sa pagbasa, at maging handa para sa kindergarten o unang baitang?

Oras na ng Pambihirang Karanasan!

Dalhin ang iyong anak upang bisitahin ang paaralan upang makita ang gusali

- Kung maaari, makipagkita sa kanilang guro at bisitahin ang kanilang silid aralan!
- Bumisita sa mga kapitbahay upang makita kung sino ang mag-aaral sa parehong paaralan. Palaging masaya kapag
- ikaw ay may kaibigan.
- Mag-explore ng nakabahaging plano sa mga kapitbahay tungkol sa paghatid at pagsundo (pick-up at drop-off sharing plan), o isang “Walking School Bus.”
- Tumugon kaagad sa pakikipag-ugnayan mula sa guro ng iyong anak. Magtanong ng anumang mga katanungan mayroon ka!

Oras ng Kuwento!

Sabihin sa iyong anak ang mga positibong kuwento mula noong ikaw ay isang batang mag-aaral

- Gumawa ng mga kakaibang kanta tungkol sa pang-araw-araw na gawain: pagbangon, pagkain ng almusal at pagpasok sa paaralan.
- Magbasa sa iyong anak bawat gabi sa iyong sariling wika.
- Matutugunan ng mga libro ang mga alalahanin ng mga bata sa mga mapaglarong paraan at suportahan ang mga pag-uusap. Kuwento

Humanda para sa isa sa pinakamalaking pambihirang karanasan sa buhay ng iyong anak!

Oras na para sa Nakagawian!

Magtakda ng karaniwang oras ng pagtulog at paggising na mas maaga ng ilang linggo

- Hayaang pumili ang mga bata ng mga damit na nais nilang isuot kinabukasan.
- Ang mga nakagawian ay nagpapaparamdam sa lahat na kontrolado ito, at iyon ay isang magandang pakiramdam.

Mabuting Oras para sa Kalusugan!

Siguraduhing ang iyong anak ay may tamang mga bakuna sa pagpasok sa paaralan

- Kung nag-aalala kayo na maaaring mayroong nakakahawang sakit ang inyong anak, tawagan ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak o ang paaralan para sa payo.
- Kung ang inyong anak ay nanganganib sa mga kumplikasyon mula sa mga karaniwang sakit, kausapin ang inyong paaralan tungkol sa pagbuo ng planong pangkalusugan.

Ang preschool hanggang sa unang baitang ay nagtatatag ng pundasyon para sa pagbuo ng relasyon at kaalaman sa buong buhay. Tulungan ang iyong anak na makakuha ng ginhawa, tiwala sa sarili at galak sa mga kaganapang ito sa buhay.

Binago Hunyo 2024

Bumisita sa Attendance Works www.attendanceworks.org para sa mga estratehiya at mapagkukunan